| | |
|---|---|
| Numero ng Folio | |
| Access Code | |
| Adres ng Property | |
| Legal na Paglalarawan | |

## PROGRAMA PARA SA POTENSYAL NA TULONG SA PAG-UNLAD:

## MAHALAGANG IMPORMASYON

**MAHALAGANG HULING ARAW: Isumite ang inyong 2026 Deklarasyon ng Potensyal na Pagbawas sa Buwis para sa Pag-unlad sa Lungsod bago mag-11:59 pm sa Sabado, Pebrero 28, 2026**.

Ang Pilot na Programa sa Potensiyal na Tulong sa Pag-unlad (DPRP) ay nagbibigay ng pagbawas sa buwis para sa mga kwalipikadong ari-arian sa Light Industry (Class 5) at Negosyo at Iba Pa (Class 6). Sinusuportahan ng batas panlalawigan, ang programa ay naglalayong tulungan ang mga independiyenteng negosyo at mga katuwang sa komunidad na nagbabayad ng di-proporsyonal na mataas na buwis dahil sa potensyal ng pag-unlad.

Upang maibilang sa pagbawas ng buwis sa ilalim ng 2026 Pilot DPRP, ang mga may-ari (o awtorisadong ahente) ng mga kwalipikadong ari-arian ay kinakailangang **magsumite ng isang deklarasyon bago mag-11:59 pm sa Sabado, Pebrero 28, 2026**.

Ang ari-ariang nakalista sa itaas ay natukoy bilang karapat-dapat na maibilang sa ilalim ng 2026 Pilot DPRP, ayon sa deklarasyon. Tandaan na ang deklarasyon ay nalalapat sa buong folio, na maaaring magsama ng maraming adres. Pakikumpleto ang kinakailangang deklarasyon gamit ang impormasyon sa itaas ng pahinang ito sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

1. Pagsusumite ng e-declaration online sa vancouver.ca/taxrelief (**NIREREKOMENDA**)
2. Tumawag sa 3-1-1
3. Dalhin sa o i-mail sa City Hall
   Attn: Property Taxes—DPRP 453 West 12th Avenue, Vancouver BC, V5Y 1V4

Ang nakumpletong deklarasyon ay dapat isumite **at matanggap** ng Lungsod nang hindi lalampas sa 11:59 pm ng **Sabado, Pebrero 28, 2026**. ***Pakitandaan na tanging isang deklarasyon ang kailangan para sa bawat folio.***

Nakatakdang isaalang-alang ng konseho ang 2026 Pilot DPRP, kasama ng Programang Targeted Land Assessment Averaging, sa Marso 2026. Tandaan na ang mga may-ari ng ari-arian na kumukumpleto ng online form sa vancouver.ca/taxrelief o sa pamamagitan ng 3-1-1 ay hindi na kinakailangang isumite ang kalakip na form sa pamamagitan ng koreo.

**PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON:** Tumawag sa 3-1-1 (may magagamit na mga pagsasalin) o pumunta sa vancouver.ca/taxrelief